Center for Healthy Communities
CALIFORNIA DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

California Department of Public Health
OFFICE OF ORAL HEALTH



# Mahalaga ang Kalusugan ng Ngipin ng mga Bata para sa Tagumpay sa Paaralan

**Ang hindi pagpasok sa klase dahil sa pagkabulok ng ngipin ay maaaring negatibong makakaapekto sa tagumpay sa paaralan at magastos ito para sa mga distrito ng paaralan.**

**351,000 bata at tinedyer ang hindi nakapasok sa klase ng hindi bababa sa isa o higit pang araw dahil sa mga problema sa ngipin noong nakaraang taon (tinanong noong 2022). 87 porsyento ng mga batang ito ang hindi nakapasok sa klase ng mahigit sa isang araw.**

**Ang pagkabulok ng ngipin ay ang pinakatalamak ngunit maiiwasang pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa mga bata ng California.**

**869 202**
mga araw na hindi nakapasok sa klase sa isang taon dahil sa mga problema sa ngipin, **na ginagastusan ng mga distrito ng paaralan ng humigit-kumulang $60 milyon.**

**Upang matulungan ang iyong anak na magkaroon ng magandang ngiti at matagumpay na taon ng pag-aaral:**

Magsepilyo ng dalawang beses sa isang araw at bisitahin ang iyong dentista kapag inirerekomenda! Ang mga bata ay dapat magsepilyo ng buong dalawang minuto at gumamit lamang ng isang sukat ng gisantes ng may fluoride na toothpaste.

Bisitahin ang smilecalifornia.org para sa higit pang mga tip at upang makahanap ng dentista na angkop para sa iyo.

#NCDHM #Healthyteeth4CAKids #brightsmiles #happyteeth #healthyhabits

Siguraduhin natin na ang ating mga anak ay may **masasayang ngiti** at **magagandang kinabukasan**!

**Mga Pinagmumulan ng Data at Pamamaraan:**
Survey na Panayam sa Kalusugan sa California (CHIS) 2022. Los Angeles, CA: UCLA Center for Health Policy Research. Ang mga araw na hindi nakapasok sa klase dahil sa problema sa ngipin ay tinatantiya sa mga batang nasa edad na 5-17 taong gulang.

Inihanda ni Shumaila Hashmi, MBBS, MPH

Mga Pondo ng Local Control Funding Formula (LCFF) na nawala. Ang pagpopondo sa edukasyon para sa pangkalahatang layunin ay ibinabahagi sa mga distrito ng paaralan at mga tsarter na paaralan sa pamamagitan ng "limitasyon sa kita" na isinasaayos kung ang pagpasok sa klase ay naiiba sa mga pagtatantiya. Ang pambuong-estadong LCFF noong 2022–2023 na $72.312 bilyon ay hinati sa average na pang-araw-araw na pagpasok sa klase na 5,789,828, na nagreresulta sa $12,489 kada estudyante kada taon. Ang average sa buong estado para sa mga limitasyon ng kita ay humigit-kumulang $69 kada araw ($12,489 na hinati sa 180-araw na taon ng pasukan). (Komunikasyon kina Michael Alferes at Edgar Cabral sa Tanggapan ng Pambatasang Tagasuri ng CA, Pebrero 6, 2024).